



Pagkawala ng Pandinig sa Isang Panig

Mga Sanggunian:



[Gabay sa Sanggunian](#)



[Pagsuporta sa Tagumpay sa UHL](#)



[Mga tip para sa mga magulang](#)



[Mga natuklasan sa pananaliksik](#)

- Ang pagkawala ng pandinig sa isang panig (UNHL, akronim nito sa Ingles) ay nangangahulugan na ang bata ay may pagkawala ng pandinig sa isang tainga lamang.
- Sa kasalukuyan, ang paglaganap o paglitaw ng UNHL sa kapanganakan ay humigit-kumulang 1 bawat 1000 sanggol. Ang bilang na ito ay umaakyat sa 3 hanggang 6 na bata sa bawat 1000 pagdating ng edad para pumasok sa paaralan, dahil ang screening sa kapanganakan ay kadalasang hindi makakapagtuklas ng minimal o banayad na pagkawala (hindi ito dinisenyo) o dahil ang pagkawala ng pandinig ay lumalala sa paglipas ng panahon.
- 31 hanggang 50% ng mga kaso ng UHL ay may hindi nalalamang dahilan. Gayunpaman, ang iba pang mga sanhi ay maaaring mga malformation o impeksyon sa tainga gaya ng Cytomegalovirus (sy·toe·MEG·a·low·vy·rus), o CMV.
- Ang UHL ay maaaring mula sa banayad na pagkawala ng pandinig hanggang sa malala na pagkawala ng pandinig (tinatawag ding single side deafness o SSD).
- Maaaring lumala ang pandinig sa paglipas ng panahon depende sa sanhi ng pagkawala. Humigit-kumulang 7 hanggang 11% ng UHL ang hahantong sa pagkawala ng pandinig sa parehong tainga.
- Mahihirapan ang mga batang may pagkawala sa isang panig na i-localize o sabihin kung saan nanggagaling ang tunog, na maaaring makaapekto sa kanilang kaligtasan pati na rin ang pag-alam kung sino ang nagsasalita sa isang grupo.
- Ang mga batang may UHL ay magkakaroon din ng malaking kahirapan sa pag-unawa sa pananalita sa pagkakaroon ng ingay sa background.
- Ang mga batang may UNHL ay nakakaranas ng pagkapagod sa pakikinig, na maaaring makaapekto sa kanilang kakayahang magpokus at matuto sa buong araw.
- Depende sa uri at sanhi ng pagkawala ng pandinig, ang mga batang may UNHL ay maaaring makinabang mula sa paglalagay ng hearing aid, BAHA o cochlear implantation.
- Kapag ang bata ay umabot na sa edad para pumasok sa paaralan, makikinabang din sila sa paggamit ng remote na teknolohiya ng mikropono upang tumulong sa mas malaki at mas maingay na mga silid.
- Ang lahat ng mga sanggol na may UNHL ay dapat na i-enroll sa maagang interbensyon at tumanggap ng therapy upang makatulong na mabawasan ang mga negatibong epekto mula sa pagkawala ng pandinig.